5

# Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Filipino

Kuwarter 4

Linggo 5

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Filipino 5**
**Kuwarter 4: Linggo 5**
**SY 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa taong panuruang 2025-2026. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Maria Fe G. Hicana (Philippine Normal University-Manila)

**Tagasuri:** Jasper Lomtong (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 5 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Eksposisyon** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: Sanhi at Bunga (10 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

**Nasusuri ang ugnayang sanhi at bunga.**

**III. Mga Kailangang Materyales**

lapis, papel


**IV. Panuto:** Napag-aralan mo na ang tungkol sa sanhi at bunga. Basahin ang seleksiyon, pagkatapos ay tukuyin mo ang mga sanhi at bunga. Isulat ito sa *fish bone.*


Ang pagpapahalaga sa bawat tao na kabilang sa anumang pangkat ay mahalaga. Ang di-pagkakapantay-pantay ay nagbubunga ng di maganda. Ang pagkakapantay-pantay ay tumutukoy sa parehong pagtingin sa mga mamamayan sa lipunang kaniyang kinabibilangan sa harap ng batas; anuman ang kulay ng kaniyang balat, kasarian, relihiyon, pangkat o rehiyong pingmulan – ang mga ito ay walang kinalaman sa hindi pantay na pagtingin sa sinuman. Ang sinumang nagkasala at napatunayan sa harap ng hukuman ay may nakalaang parusa anuman ang kaniyang posisyon kahit na siya ay anak ng alkade, o isang senador o may mataas man ang hinahawakang posisyon sa pamahalaan.

Sa kasalukuyan, sa usapin ng mga Muslim at Kristiyano ay isa pa rin sa matagal ng suliraning kinakaharap ng pamahalaan. Maraming hinaing ang mga Muslim hinggil sa pagbibigay ng higit na pabor ng pamahalaan sa mga taga-Luzon. Mas nabibigyan ng prayoridad ang mga nasa Luzon kaysa mga nasa Visayas at Mindanao; dahil dito naging sanhi ito ng kaguluhan. Dumating din sa punto na ang mga Muslim ay humingi ng awtonomiya. Nais nilang makapagsarili at huwag ng umasa sa pamahalaan bagkus sila na mismo ang magpapalakad sa kanilang rehiyon. Hanggang ngayon ay isa ito sa mga usapin na nilulutas ng pamahalaan na nagiging dahilan ng pag-aalsa ng mga Muslim laban sa pamahalaan.

*Ni: Maria Fe G. Hicana*

**FIS**






**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

Isulat ang buod ng talatang eksposisyong binasa, Tiyaking ito ay may pito hanggang sampung pangungusap.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikaapat |

| Bilang ng Aralin | 5 | Petsa | |
|---|---|---|---|
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pagsusuri sa Layunin ng Teksto | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 2: Pagsusuri sa Layunin (10 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

**Nasusuri ang layunin ng teksto.**

- *magpaliwanag (lathalain)*

**III. Mga Kailangang Materyales**

lapis, papel

**IV. Panuto: A.** Basahin muli ang tekstong tinalakay: Pamanang Kayumanggi, Salamin ng Ating lahi. Suriin ang layunin ng bawat talatang nakalahad. Gawing gabay ang talahanayan.

***Pamanang Kayumanggi, Salamin ng Ating lahi***

*Ni: Maria Fe Hicana*

Mahalagang may alam tayo sa mga impormasyon tungkol sa ating kabihasnan. Maipapaliwanag natin kung ano at sino tayo ngayon dahil sa ating sinaunang kultura. Ang kaalaman sa paraan ng pamumuhay ng mga kapuwa natin mula sa iba't ibang pangkat-etniko at tribu ay makakatulong nang malaki upang lubos natin silang maunawaan. Sila ang nagsisilbing mga hiyas ng ating lahi, ang magbubuklod sa ating lipi sapagkat dito natin malalaman na napakayaman ng kulturang kayumanggi.

Ang Hanunuo ay kabilang sa tribung Mangyan ng Mindoro. Nangangahulugang "totoo" o "tunay" ang salitang Hanunuo. Sila ay nakatira sa mga bahay na yari sa kogon at kahoy. Ang pangunahing hanapbuhay nila ay pagsasaka at pagkakaingin. Ang kalalakihan ay pumuputol ng puno at nangangahoy samantalang ang kababaihan naman ay tumutulong sa pagtatanim. Hanggang sa kasalukuyan ay napapanatili nila ang kanilang minanang katutubong alpabeto. Isinusulat nila ito sa mga papel na kawayan.

Ang mga T'boli naman o mas kilala sa tawag na Tagabili. Sila ay matatagpuan sa bundok ng kanlurang bahagi ng Cotabato. Pagsasaka ang pangunahin nilang ikinabubuhay. Naghahabi rin sila ng telang abaka at kapag ito ay nayari na tinatawag nila itong tinalak. Ang mga babaeng T'boli ay mahilig magsuot ng mga alahas. Pinapalamutian nila ng mga alahas ang kanilang katawan tulad ng hikaw, pulseras, at kuwintas. Naglalagay din sila ng mga tattoo sa kanilang katawan.

Matatagpuan naman sa bahagi ng Cotabato, Maguindanao, at Sultan Kudarat ang mga Tiruray. Nagmula sa mga salitang tiru at ray ang salitang Tiruray. Ang tiru ay nangangahulugang lugar ng kapanganakan o pinagmulan samantalang ang ray ay mula sa salitang daya na nangangahulugang dakong hulo ng sapa o ilog. Nahahati ang kanilang tribu sa dalawang pangkat, ang mga tradisyonal at mga pangkat na nagbago ng tradisyon. Ang mga Tiruray na nagbago ng tradisyon ay nagkaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan sa mga

pangkat ng Kristiyano at Muslim. Samantalang ang mga Tiruray na tradisyonal ay pinapanatili ang kanilang mga lumang kaugalian, tradisyon, at paniniwala. Sila ay nagsasaka, nangangaso, nangingisda, nangangalap ng mga produkto sa kagubatan. Inged ang tawag sa komunidad ng Tiruray. Sa Inged ay may isang pinuno na tumitiyak sa paghahawan ng bukid, pagtatanim, at pag-aani ng mga pananim, at ang pantay-pantay na pamamahagi ng mga pagkain kaya wala ang pag-aagawan.

Kabilang naman sa tribung Negrito ang mga Agta. Makikita sila sa Palanan, Isabela. Ang kanilang mga bahay ay karaniwang nakatirik sa tabing-dagat na hugis tatsulok. Mahilig silang magpalipat-lipat ng mga lugar kaya tinatawag din silang nomad. Pangangaso at pangingisda ang pangunahin nilang ikinabubuhay at tulad ng mga Negrito, sila rin ay nagkakaingin.

Napakayaman at maunlad ang kultura ng mga minoryang pangkat ng ating bansa. Sa loob ng mahabang taon at siglo ay napanatili nila ang kanilang kultura. Ang kanilang mga sariling paniniwala, tradisyon, mga awitin at sayaw, pananamit at mga kaugalian ay makikita pa rin sa kanila at napanatili pa rin hanggang sa kasalukuyan.

Nakalaya na tayo sa mga umalipin at sumakop sa atin, ang nakakalungkot nga lang isipin ay tayo mismo ang nang-aalipin sa ating kapuwa Pilipino lalo na't hindi natin kapangkat. May mga diskriminasyong nagaganap sa mga minoryang pangkat. Kadalasan ay pinagtatawanan ang kanilang anyo at kasuotan. Ang mga nabanggit ay hindi magandang ugali lalo na sa pakikitungo natin sa kanila. Kung ikaw ang nasa kalagayan nila, tiyak na ikaw ay masasaktan kung ganoon din ang gagawin sa iyo.

Sa kabuoan, mahalaga ang paggalang sa kahit na sinumang tao, kahit saan man siya nanggaling o nagmula.

| **TALATA** | **LAYUNIN** |
|---|---|
| 1. Mahalagang may alam tayo sa mga impormasyon tungkol sa ating kabihasnan. Maipapaliwanag natin kung ano at sino tayo ngayon dahil sa ating sinaunang kultura. | ____________________ |
| 2. Ang kaalaman sa paraan ng pamumuhay ng mga kapuwa natin mula sa iba't ibang pangkat-etniko at tribu ay makakatulong nang malaki upang lubos natin silang maunawaan. Sila ang nagsisilbing mga hiyas ng ating lahi, ang magbubuklod sa ating lipi sapagkat dito natin malalaman na napakayaman ng kulturang kayumanggi. | ____________________ |
| 3. Ang mga Hanunuong lalaki ay pumuputol ng puno at nangangahoy samantalang ang kababaihan naman ay tumutulong sa pagtatanim. | ____________________ |

| | |
|---|---|
| **4**. Ang mga babaeng T'boli ay mahilig magsuot ng mga alahas. Pinapalamutian nila ng mga alahas ang kanilang katawan tulad ng hikaw, pulseras, at kuwintas. Naglalagay din sila ng mga tattoo sa kanilang katawan. | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| 5. Napakayaman at maunlad ang kultura ng mga minoryang pangkat ng ating bansa. Ang kanilang mga sariling paniniwala, tradisyon, mga awitin at sayaw, pananamit at mga kaugalian ay makikita pa rin sa kanila at napanatili pa rin hanggang sa kasalukuyan. | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Sumulat ng isang pahayag na nais mong maipaabot sa ating mga katutubo.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 5 | **Petsa** | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pagpapaliwanag | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 3: Pagbuo ng dskurso/pagpapahayag (15 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

**Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso.**

*b. nagpapaliwanag (eksposisyon)*

**III. Mga Kailangang Materyales**

lapis

**IV. Panuto:** Basahin ang talata. Pagkatapos ay buoin ang having semantika upang mabalangkas ito sa anyong pangungusap o paksa.

Ang Pangkat-Etniko ay ang tawag sa mga taong sama-samang naninirahan sa isang lugar na may sariling wika, kaugalian, tradisyon, at paniniwala. Humigit-kumulang sa 70 ang iba't ibang pangkat ng mga Pilipino. Maraming pagkakaibang mapapansin maging sa mga Pilipino. Nagkakaiba-iba ang diyalekto, paraan ng pamumuhay, pananamit, sining, tradisyon, at paniniwala. Ito ay bunga ng iba't ibang pangkat-etniko na sumibol dahil sa heograpiya ng bansa. Sa higit na 7,641 pulo sa bansa, sinasabing walo ang pangunahing wika at higit sa 300 diyalekto ang ginagamit ng mga pangkat -etniko. Ang mga pangunahing wika sa Pilipinas ay Tagalog, Cebuano, Ilokano, Bikolano, Pangasinense, Kapampangan, Waray, at Hiligaynon. Idinagdag din ang Maguindanaon at Maranaw.


Masasabing ang mga Pilipino sa kasalukuyan ay produkto ng iba-iba at pinaghalo-halong lahi. Ang pagbabago sa anyong pisikal ay bunga ng pag-aasawa ng mga Pilipino sa mga dayuhan kaya ito ang resulta ng makabagong henerasyon.

*Ni: Maria Fe G. Hicana*

***HABING SEMANTIKA***

**PANGUNAHING PAKSA**

____________________________________




**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Balikang muli ang seleksyon sa itaas at pumili ng pangkat-etniko. Pagkatapos, punan ng wastong impormasyon ang hinihingi sa *form.*

**Pangkat-etniko:** ___________________________________
**Lugar:** ___________________________________________
**Pananamit:**
_______________________________________________________
_____________________________________________________________
_____________________________________________________________
________
_____________________________________________________________
_____________________________________________________________
________
**Kaugalian**: __________________________________________________
_____________________________________________________________
_____________________________________________________________

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 5 | **Petsa** | |

| Pamagat ng Aralin/ Paksa | Di-berbal na Hudyat sa Pagpapahayag | | |
|---|---|---|---|
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 4: Di-berbal hudyat sa pagpapahayag (15 minuto)**

**II. Mga Layunin:**


**Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag.**

- *tingin*
- *pandama o paghawak*

**III. Mga Kailangang Materyales**

lapis

**IV. Panuto: A.** Tingnan mabuti ang mga nasa larawan. Pansinin kung paaanong nagkaroon ng komunikasyon sa pamamagitan ng di-berbal na paraan. Isulat ang sagot sa patlang.

1. 

Kinuha sa:
https://www.slideshare.net/slideshow/group3ppturingkomunikasyonpptx/266134909

Nakasaad sa mga larawan na

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

2. 

Kinuha sa:
https://www.google.com/search?sca_esv=dcc1d935a3011144&q=images+pulis+trapiko&udm=2&source=

Nakasaad sa mga larawan na

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. 

Kinuha sa:
https://www.slideshare.net/slideshow/group3ppturingkomunikasyonpptx/266134909

Nakasaad sa mga larawan na

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak:**

Buoin ang mga nakasaad na pahayag batay sa iyong natutuhan.

1. Mahalaga ang di-berbal na pahayag sa pakikipag-usap dahil ______________________________________________ ______________________________________________
2. Ang tinging pairap ay isang uri ng di-berbal na pahayag na nangangahulugang ______________________________________________ ______________________________________________
3. Ang pagtapik sa balikat ay isang uri ng di-berbal na pahayag na ngangahulugang ______________________________________________ ______________________________________________